AUG 02 2017
RELEASED

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Cordillera Administrative Region
**DIBISYON NG BAGUIO**
#82 Military Cut-off Road, Baguio City

**PANDIBISYONG MEMORANDUM**
**Big. 199 s. 2017**

Para sa : Pandistritong Tagamasid ng Pampublikong Paaralan
Pinuno/Punong – Guro ng Pribado at Pampublikong Paaralan
Guro sa Filipino

Mula kay :**FEDERICO P. MARTIN,EdD, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay

Paksa : MGA PATIMPALAK KAUGNAY SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2017

Petsa : Agosto 1, 2017

1. Bilang pagtalima sa itinakda ng Pampangulong Proklamasyon Big. 1041 s. 1997 na nag papahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 at alisunod sa Panrehiyong Memorandum big. 228 s. 2017 Ang Kagawaran ng Edukasyon,Dibisyon ng Baguio ay magsasagawa ng iba't ibang patimpalak kaugnay sa nabanggit na pagdiriwang na may paksang **"Filipino: Wikang Mapagbago"** sa Agosto 25, 2017, simula ika-8:00 ng umaga hanggang ika-3:00 ng hapon sa *silid-aklatan ng Mataas na Paaralan ng Lungsod ng Baguio.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Big. 1041,
   b. mahikayat ang iba't ibang paaralang pampubliko man o pribado na makiisa sa mga programang tulad nito na magpapataas ng kamalayang pangwika,
   c. maganyak ang mga mag-aaral at mga guro na pahalagahan ang Wikang Filipino sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.
3. Ang mga patimpalak ay ang mga sumusunod:

   **Kategorya A. Elementarya:**
   a. Isahang Pag-awit
   b. Balagtasan

   **Kategorya B – Junior High School:**
   a. Katutubong Sayaw
   b. Dagliang Talumpati

   **Kategorya C – Senior High School**
   a. Tula/Awit/Harana

4. Kalakip ng memorandum na ito ang tuntunin at panukatan sa nasabing mga patimpalak..

5. Ang mananalo ng unang gantimpala sa patimpalk pandistrito ang siyang kakatawan sa kanilang distrito sa Pandibisyong Palisahan.Hinihikayat ang lahat na aktibong makibahagi at makiisa sa mga itinakdang gawain bilang pagbibigay pugay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa..

6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**Enklosyur blg. 1 sa Dibisyon Memo blg. ____ s. 2017**

**KATEGORYA A - Elementarya**

1. **Isahang Pag-awit**

   a. Ang mga kalahok ay maaaring magmula sa Baitang 1- 3.

   b. Maaring ito ay halaw sa nagawang awit o sariling kathang nilapatan ng sariling himig

   c. May nakalaang minimum na dalawang (2) minuto at maksimum na apat (4) na minuto sa paglalahad . Hindi kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

   **Kraytirya:**

   a. Tinig ---------------------------------------------------- 20%

   b. Boses ---------------------------------------------------------------- 20%

   c. Kasanayan/Pagkilos -------------------------------- 15%

   d. Damdamin at Ekspresyon -------------20%

   e. Nilalaman ng Awitin ----------------------------------------------------15%

   f. Kaugnay sa Paksa---------------------------------------------------- 10%

**Kabuuan --------------------------------------------------------- 100%**

2. **Balagtasan**

**Mekaniks:**

   a. Ang kalahok ay binubuo ng tatlong mag-aaral mula Baitang 4-6.

   **b.** Ang pagtatalunan ay may kaugnayan sa paksa: **Filipino: Wikang Mapagbago.**

   c. May nakalaang minimum na tatlong(3) minuto at maksimum na limang(5) minuto para sa pagtatalo.

   **Kraytirya:**

   a. Kaangkupan sa tema at kaalaman - - - - - - - - - - - - - - - - - - 35%

   b. Kaangkupan ng galaw, kilos at ekspresyon ng mukha- - - - - 25%

   c. Paglalahad ng mga patunay/ebidensiya- - - - - - - - - - - - - - - 10%

   d. Kabuuang pagtatanghal - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - 20%

   e. Kagamitan at kaayusan - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -10%

**Kabuuan ------------------------------------------------------------------100%**

**KATEGORYA B – Junior High School**

**A. Katutubong Sayaw**

**Mekaniks:**

   a. Ang mga kalahok ay mag-aaral mula Baitan7-8

   b. Ang pangkat ay binubuo lamang ng apat (4) na manananayaw.

   c. Ang sayaw ay itatanghal sa loob ng limang minuto (5) hanggang 10 minuto hindi kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado

   Kraytirya:

   a. Pagkakaisa ng kilos/galaw -----------------------------------------35%

   b. Kaalaman sa sayaw -----------------------------------------------30%

   c. Kasuotan -----------------------------------------------------------15%

   d. Kabuuan ng pagtatanghal -----------------------------------------20%

**Kabuuan ------------------------------------------------------------------ 100%**

**B.Dagliang Talumpati**

   Mekaniks:

   a. Ang kalahok ay mga mag-aaral mula baiting 9-10

   **b.** Ang tanong ay nakahanda para sa kalahok

   c. May nakalaang minimum na tatlong (3) minute hanggang maksimum na limang minuto para sa paglalahad ng ideya kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.

Kraytirya:

a. Kaalaman sa paksa ---------------------------------------------------30%

b. Lakas at linaw ng boses ---------------------------------------------20%

c. Paglalahad ng mga patunay ------------------------------------------25%

d. Kaangkupan ng ekspresyon ng mukha at tiwala sa sarili----------25%

**Kabuuan ---------------------------------------------------------------------100%**

**KATEGORYA C – Senior High School**

**Tula Awit/Harana**

**Mekaniks:**

a. Ang kalahok ay mga mag-aaral na magmumula sa baiting 11 – 12. Isang babae at isang lalake.
b. Ang lahat ng usapan o dayalogo ay isasagawa sa pamamagitan ng awit o tula .
c. Maaaring ito ay halaw sa nagawang awit o sariling katha na nilapatan ng sariling himig.
d. Nagpapakita ng pagiging madamdamin at wagas na pagsinta.

Kraytirya:

a. Boses------------------------------------------------------------------------25%
b. Indayog--------------------------------------------------------------------25%
c. Damdamin-----------------------------------------------------------------20%
d. Kaugnayan sa Paksa--------------------------------------------------10%
e. Pangkalahatang Presentasyon-----------------------------------------10%

**Kabuuan-------------------------------------------------------------------------100%**